Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo ng Nordson

Nordson

Talaan ng Mga Nilalaman

3 Ang Ating Kodigo

3 Paglalapat ng Ating Kodigo

3 Pagkakaroon ng Kaalaman at Pagsunod sa Lahat ng Naaangkop na Panuntunan, Batas at Regulasyon

4 Mga Kahihinatnan ng Mga Paglabag sa Kodigo

4 Ang Ating Mga Supervisor at Manager Ay "Mga Tagapagsulong" ng Ating Kodigo

5 Paghingi ng Tulong at Pag-ulat ng Mga Paglabag

5 Paghingi ng Patnubay, Pagtatanong at Pag-uulat ng Mga Alalahanin

6 Helpline para sa Anonymous na Pag-uulat

6 Patakaran sa Hindi Paghihiganti

6 Pangangasiwa sa Mga Ulat at Mga Pagsisiyasat

7 Ang Ating Mga Kapwa Empleyado

7 Pagkakaiba-iba at Paggalang sa Lugar na Pinagtatrabahuan

9 Pagkapribado sa Lugar na Pinagtatrabahuan

9 Kaligtasan sa Lugar na Pinagtatrabahuan

9 Mga Ipinagbabawal na Gamot at Alak sa Lugar na Pinagtatrabahuan

10 Ang Ating Mga Customer, Supplier at Kalaban sa Negosyo

10 Mga Batas Laban sa Katiwalian

12 Pagsunod sa Pag-aangkat/Pagluwas

12 Salungatan ng Interes

15 Mga Batas sa Antitrust/Kumpetisyon

16 Patas na Pakikipagnegosyo

16 Pakikiharap sa Mga Customer

17 Kalidad at Kaligtasan ng Produkto

18 Ang Ating Mga Shareholder

18 Pag-uulat at Paghahayag na Pampinansyal

19 Pagtatago ng Talaan

19 Pagsunod sa Mga Pag-audit at Pagsisiyasat ng Pamahalaan

19 Insider Trading

20 Proteksyon at Pagmamay-ari ng Mga Asset at Impormasyon

21 Wastong Paggamit ng Mga Asset ng Kumpanya

21 Pagkakaroon ng Iisang Boses

22 Ang Ating Mga Komunidad

22 Mga Kontribusyong Pampulitika at Pangkawanggawa

22 Pagprotekta sa Kapaligiran

23 Index ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

24 Form ng Pagtanggap

Pakitandaan: Sa Kodigong ito, ginagamit natin paminsan-minsan ang mga salitang "Kumpanya," "atin," "tayo," at "natin" upang tumukoy sa Nordson Corporation at mga operasyon ng subsidiary nito, gayundin sa mga direktor, opisyal at empleyado nito.

Mga Pinagbatayang Patakaran sa Kodigong ito

Gumagamit ang Kodigong ito ng mga italic sa kabuuan ng teksto upang tukuyin ang iba't ibang patakaran at alituntunin ng Nordson. Makikita ang mga dokumentong ito sa intranet ng Nordson gamit ang functionality na paghahanap sa site. Kung wala kayong access sa intranet, humingi sa inyong supervisor o manager ng kopya ng pinagbatayang patakaran.

Minamahal na Kasamahan sa Nordson,

Ang kahalagahan ng ating Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo ay nakapaloob sa Layunin ng Kumpanya ng Nordson:

Nagsisikap ang Nordson Corporation na maging isang sumusuporta, nakapagpapabago ng sarili, na pandaigdigang organisasyon na, alinsunod sa balangkas ng etikal na asal at malawak na pagkakaunawa sa pagkamamamayan, ay umuunlad at nagdudulot ng yaman sa ating mga customer, empleyado, shareholder at komunidad.

Tulad ng nabanggit, kinakatawan ng ating kodigo ang matibay na paninindigan ng ating mga tagapagtatag na tratuhin ang lahat ng constituent – mga shareholder, customer, supplier, komunidad at pinakamahalaga, ang mga empleyado – nang may katapatan at integridad. Ang ating Mga Prinsipyo – Integridad, Kahusayan, Dedikasyon para sa Ating Mga Customer, Sigla at Respeto para sa Mga Tao – ay nagmumula sa paninindigang ito, at sumasalamin sa mga asal na dapat nating sikaping lahat na isama sa bawat aspeto ng ating pakikipagnegosyo sa ngalan ng Nordson.

Nagbibigay ang ating binagong Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo, na tutukuyin natin sa dokumentong ito bilang ating "Kodigo," ng mga pangunahing tagubiling kinakailangan upang maunawaan ang ating mga responsibilidad sa pakikipagnegosyo sa ngalan ng Nordson at wastong pagpapasya. Inaasahang tutulungan tayo ng Kodigo na isaalang-alang kung paano maaapektuhan ng ating mga indibidwal na pagkilos ang integridad at kredibilidad ng Nordson bilang isang kumpanya, at kung paano maiiwasan ang mga sitwasyong maaaring humantong sa mga hindi nararapat o ilegal na pagkilos.

Bilang isang pandaigdigang korporasyon, nagpapatakbo ang Nordson sa maraming bansang may mga batas, kultura at kasanayang palaging nagbabago at magkakaiba. Napakahalagang kumikilos tayo sa lahat ng pagkakataon nang may integridad at ganap na sumusunod sa mga batas at regulasyong namamahala sa mga aktibidad ng ating pandaigdigang negosyo. Inaatas sa atin ng ating paninindigan sa etikal na asal na magtakda ng mga pamantayang higit pa sa ipinatutupad ng batas o kahit sa karaniwang pinapairal sa ilang partikular na heograpiya. Hindi dapat makompromiso kailanman ang paninindigang ito.

Hinihikayat ko kayong magtanong kung hindi kayo siguradong pinahihintulutan ang mga pagkilos ninyo o ng inyong kasamahan sa ilalim ng Kodigo. Walang empleyado ng Nordson ang magagantihan kailanman dahil sa pag-uulat nang may malinis na hangarin. Maaaring isumite ang mga tanong o ulat ng mga paglabag sa etika gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Kodigong ito. Mahalagang malaman ang ating Kodigo at maisabuhay ito para sa patuloy na pagtatagumpay ng Norton. Sa pamamagitan ng mas mahusay na pag-unawa sa mga inaasahan ng Nordson, makapagpapatuloy tayo sa paggawa ng mga tamang pasya.

Taos-puso,

Michael F. Hilton
Presidente at Chief Executive Officer

Ang Ating Kodigo

SA SEKSYONG ITO

Paglalapat ng Ating Kodigo

Pagkakaroon ng Kaalaman at Pagsunod sa Lahat ng Naaangkop na Panuntunan, Batas at Regulasyon

Mga Kahihinatnan ng Mga Paglabag sa Kodigo

Ang Ating Mga Supervisor at Manager Ay "Mga Tagapagsulong" ng Ating Kodigo

Paglalapat ng Ating Kodigo

Ang Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo ng Nordson (ating "Kodigo") ay isang gabay na sanggunian upang tulungan tayong magsagawa ng mga etikal at wastong pasya sa negosyo. Umiiral ang ating Kodigo upang gabayan tayo patungo sa pinakaetikal na paraan kapag nagiging mahirap ang pagtukoy ng wastong pagkilos. Tinutugunan nito ang ilan sa pinakakaraniwang etikal na dilemang maaari nating kaharapin, at nagbibigay ito ng mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan para sa pangangailangan ng higit pang patnubay at pag-ulat ng ating mga alalahanin.

Nalalapat ang ating Kodigo sa lahat ng direktor, opisyal at empleyado ng Nordson. Saanman man tayo sa buong mundo nagtatrabaho, bawat isa sa atin ay may tungkuling tugunan ang mga pamantayang itinakda sa ating Kodigo. Inaasahan din natin ang mga kinatawan, ahente, supplier at consultant na pananatilihin ang mga parehong pamantayan sa tuwing nakikipagnegosyo sa ngalan natin.

Magkasama nating obligasyong makipagnegosyo nang tapat, etikal at naaayon sa batas upang makapagpatuloy tayo sa pagkamit ng mahuhusay na resulta sa buong mundo.

Pagkakaroon ng Kaalaman at Pagsunod sa Lahat ng Naaangkop na Panuntunan, Batas at Regulasyon

Bilang isang internasyonal na organisasyon, alam dapat nating magkakaiba ang mga batas at regulasyon ng bawat bansa. Dapat tayong maging pamilyar at sumunod sa iba't ibang lokal na batas at regulasyon na naaangkop sa ating mga trabaho.

Dahil ang Nordson ay isang pampublikong kumpanyang nakabase sa Estados Unidos, napakahalagang sumusunod tayo sa batas ng U.S., saang lugar man tayo naroroon. Kung mayroong hindi pagkakaayon sa pagitan ng batas ng U.S. at lokal na batas o custom, dapat kayong humingi ng payo sa isa sa mga abogado sa Law Department bago kumilos.

Bagama't inaasahan tayong maging pamilyar sa pangkalahatan sa mga alituntunin ng ating trabaho, hindi kinakailangan ng karamihan sa ating maging mga eksperto sa batas. Sa anumang sitwasyon kung saan hindi kayo siguradong tama ang tinutungo ng inyong pagkilos, dapat muna kayong makipag-ugnayan sa isa sa mga abogado sa Law Department ng Nordson.

Mga Kahihinatnan ng Mga Paglabag sa Kodigo

Magreresulta ang mga paglabag sa ating Kodigo sa kaparusahan, hanggang sa at kabilang ang pagkakatanggal. Depende sa kabigatan ng insidente, maaari ding sumailalim ang mga sangkot na indibidwal sa pagdinig para sa mga kasong sibil o kriminal. Mahalagang tandaan na maaaring sumailalim ang Nordson sa pananagutang sibil at/o kriminal dahil sa ilang partikular na maling pagkilos.

Ang Ating Mga Supervisor at Manager Ay "Mga Tagapagsulong" ng Ating Kodigo

May mga karagdagang tungkulin ang mga supervisor at manager ng Nordson na magsilbing magagandang ehemplo at mga tagapagsulong ng ating Kodigo. Bilang mga pinuno, may responsibilidad silang tiyaking pamilyar at kumikilos nang ayon sa ating Kodigo ang mga empleyadong pinangangasiwaan nila. Tulad ng nabanggit, may responsibilidad ang ating mga supervisor at manager na tiyaking ganap na nauunawaan ng mga empleyado sa kanilang mga grupo ang Kodigo, at subaybayan ang mga pagpapasya sa negosyo ng mga empleyado upang tiyaking naaayon ang mga ito sa Kodigo. Lahat tayo – empleyado, opisyal at direktor – ay kinakailangang patunayang natugunan natin ang ating mga responsibilidad gaya ng nakalista sa ating Kodigo sa bawat taon.

Bukod pa rito, dapat tiyakin ng mga supervisor at manager na may isang lugar sa trabaho kung saan makapagtatanong at makapag-uulat ng mga alalahanin ang mga empleyado nang walang inaalala. Hindi palalampasin ng Nordson ang pagganti laban sa sinuman, at inaasahan nito ang mga pinunong paiiralin ang paninindigang ito. Kailanman ay hindi maaaring gumanti o magpahintulot ng pagganti ang mga supervisor o manager laban sa sinumang empleyadong mag-uulat nang may malinis na hangarin. Nangangahulugan ang pag-uulat "nang may malinis na hangarin" na nagbigay ang isang tao, batay sa lahat ng kanyang nalalaman, ng tapat, tumpak at kumpletong pagsasalaysay ng pangyayari.

Ang mga prinsipyo sa Kodigo ng Etika ng Nordson ay direktang nagmumula sa mga paniniwala ng aming tagapagtatag na si Walter Nord (kaliwa) at ng kanyang mga anak na sina Eric (gitna) at Evan (kanan). Mula sa simula, binigyang-diin ng mga Nord na maisasakatuparan lang ang ating tagumpay sa pamamagitan ng "pagpapatakbo nang nakaayon sa balangkas ng etikal na asal at malawak na pagkakaunawa sa pagkamamamayan."

Paghingi ng Tulong at Pag-ulat ng Mga Paglabag

Paghingi ng Patnubay, Mga Pagtatanong at Pag-uulat ng Mga Alalahanin

Bagama't tinatangka ng ating Kodigong masaklaw ang karamihan sa mga karaniwang sitwasyong nauugnay sa batas at etika na maaaring kaharapin sa ordinaryong panahon ng negosyo, maaaring may mga pagkakataon pa ring hindi kayo sigurado kung paano lulutasin ang kasalukuyang sitwasyon. Sa mga ganitong pagkakataon, hinihikayat tayong gamitin ang mga mapagkukunan para sa patnubay ng Kumpanya. Kung naghahanap kayo ng patnubay o gusto ninyong magparating ng mga alalahanin, dapat muna ninyong isaalang-alang ang pagtalakay sa isyu kasama ang inyong pangunahing supervisor o manager. Gayunpaman, maaari din kayong makipag-ugnayan sa alinmang mapagkukunang nakalista sa seksyong Index ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan, kabilang ang external na Helpline.

May responsibilidad tayong iulat kaagad ang anumang alalahanin o paglabag sa Kodigo. Kapag nagpaparating ng mga alalahanin o paglabag para sa kaalaman ng pangasiwaan, nakakatulong kayo sa pagpapanatili ng panininidigan ng Nordson sa pinakamahihigpit na pamantayang etikal at legal.

SA SEKSYONG ITO

Paghingi ng Patnubay, Mga Pagtatanong at Pag-uulat ng Mga Alalahanin

Helpline para sa Anonymous na Pag-uulat

Patakaran sa Hindi Paghihiganti

Pangangasiwa sa Mga Ulat at Pagsisiyasat

Helpline para sa Anonymous na Pag-uulat

Kung saan pinahihintulutan ng mga lokal na batas, maaari kayong mag-ulat nang hindi nagpapakilala sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa external na Helpline. Pakitandaan na kapag nag-ulat nang hindi nagpapakilala, maaari nitong limitahan ang kakayanan naming magsagawa ng masusing pagsisiyasat. Samakatuwid, hinihikayat kayong magbigay ng detalyadong impormasyon, kabilang ang inyong pagkakakilanlan, kapag gumagawa ng ulat. Pananatilihing kumpidensyal ang lahat ng ulat sa sukdulang iniaatas ng batas at kinakailangan upang makumpleto ang isang pagsisiyasat.

Ano ang External na Helpline?

Ang external na Helpline ay isang third-party na mapagkukunang magagamit ninyo sa pamamagitan ng telepono o nang online upang magsumite ng anumang tanong o alalahanin, o upang mag-ulat ng paglabag. Kapag ginagamit ang Helpline, may opsyon kayong manatiling ganap na anonymous, kung saan pinahihintulutan ng lokal na batas. Magagamit ang mapagkukunang ito 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo at, kapag hiniling, ay nagbibigay ng mga interpreter na nagsasalita sa lokal na wika. Ang Helpline ay pinapatakbo ng isang indipendiyenteng kumpanya, na tumutulong sa Nordson sa pagtugon sa inyong mga alalahanin. Kung hindi kayo sigurado kung saan pupunta upang magtanong, o gusto ninyong magsumite ng ulat at hindi kayo kumportableng gamitin ang isa sa iba pang contact, maaari kayong makipag-ugnayan sa Helpline sa pamamagitan ng pagtawag sa isa sa mga lokal na toll-free na numerong nakalista sa Index ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan, o nang online sa www.nordson.ethicspoint.com.

Ano Ang Mangyayari Kapag Nakipag-ugnayan Ako sa External na Helpline?

Kapag nakipag-ugnayan kayo sa external na Helpline, lahat ng impormasyong ibibigay ninyo ay ituturing na kumpidensyal hangga't maaari. Gagawa ang isang espesyalista ng detalyadong buod ng inyong ulat at ipapasa ang buod na ito sa isang nakatalagang miyembro ng team sa pagtugon para sa etika ng Nordson upang suriin, tugunan at lutasin.

Pagkatapos ninyong gumawa ng ulat, makakatanggap kayo ng numero sa pagsubaybay upang matingnan ninyong muli ang kalagayan ng inyong ulat.

Patakaran sa Hindi Paghihiganti

Upang makapagsulong ng isang kultura kung saan kumportable nating naipararating at natatalakay ang mga alalahanin tungkol sa ating mga gawaing pangnegosyo, mahalagang naninindigan ang bawat isa sa atin sa pagpigil sa mga ilegal o hindi etikal na gawain sa negosyo. Samakatuwid, ang anumang pagkilos na paghihiganting magreresulta sa paghingi ng patnubay o pag-ulat nang may malinis na hangarin sa mga nalalaman o pinaghihinalaang paglabag, ay hindi pinahihintulutan.

Ang sinumang empleyadong kikilos nang laban sa ibang empleyado dahil sa pag-uulat ay sasailalim sa kaparusahan, hanggang sa at kabilang ang pagkatanggal.

Pangangasiwa sa Mga Ulat at Pagsisiyasat

Iniimbestigahan ng Nordson ang lahat ng ulat nang mabilis, masusi at walang kinikilingan. Magsasagawa ang ating Kumpanya ng mga naaangkop na hakbang sa pagwawasto o pagdidisiplina kapag kinakailangan. Maaaring hilingin sa inyong makibahagi sa isang imbestigasyon ng naiulat na maling asal. Kinakailangan ang inyong pakikipagtulungan upang matiyak na malulutas ang anumang naiulat na maling asal.

Ang Mga Kapwa Nating Empleyado

SA SEKSYONG ITO

Pagkakaiba-iba at Paggalang sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Pagkapribado sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Kaligtasan sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Mga Ipinagbabawal na Gamot at Alak sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Pagkakaiba-iba at Paggalang sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Naninindigan tayo sa pakikitungo sa ating mga kasamahan nang may paggalang, dignidad at pagkakapantay-pantay. Kapag isinasabuhay ang prinsipyong ito, napapahusay nito ang lugar na pinagtatrabahuan. Tinitiyak nitong makakakuha tayo ng mga taong may iba't ibang talento, kalakasan at pinagmulan. Ang mga katangiang ito ang nagsusulong sa ating tagumpay.

Nakatuon ang Nordson sa pangangalaga ng isang positibong lugar sa trabaho kung saan patas ang pagtrato sa mga empleyado. Kung kaya, dapat nating gawin ang lahat ng pagpapasyang nauugnay sa trabaho nang batay sa mga kwalipikasyong nauugnay sa gawain at nang hindi bumabatay sa mga katangiang pinoprotektahan ng batas, gaya ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, katayuan sa pag-aasawa, kapansanan sa katawan o pag-iisip, katayuan ng pagiging beterano, katayuan ng pagkamamamayan, pagkakakilanlan at paghahayag ng kasarian, o sekswal na oryentasyon. Sumangguni sa *Nagpapatunay na Pahayag ng Patakaran sa Pagkilos* at *Patakaran sa Pantay na Oportunidad sa Trabaho ng* Nordson para sa higit pang impormasyon.

Ang isang positibong lugar sa trabaho ay isa ring lugar na walang panliligalig. Bagama't maaaring magkaiba ang mga legal na paglalarawan ng panliligalig sa bawat bansa, kasama sa "panliligalig" sa ating Kumpanya ang anumang hindi kanais-nais na pakikitungo sa ibang tao na lumilikha ng nakakatakot, nakakaperhuwisyo o nakakainsultong lugar na pinagtatrabahuan.

Mahalagang tandaan na ang panliligalig ay maaaring maging berbal o pisikal, pasalita o nakasulat, at personal o sa pamamagitan ng iba pang paraan, gaya ng email. Bukod pa rito, hindi kinakailangang maging sekswal ang katangian ng panliligalig bago maituring na hindi naaangkop. Kabilang sa mga posibleng makasakit na asal ang mga sekswal na pananamantala, pang-iinsulto sa lahi o mga negatibong komento o pagbibiro tungkol sa mga paksang gaya ng lahi, relihiyon o etnikong pinagmulan. Hindi palalampasin ng ating Kumpanya ang anumang naturang asal, naaaksyunan man ang isang ipinahayag na panliligalig sa ilalim ng lokal na batas sa bansa kung saan kayo nagtatrabaho.

Mga Patas na Pamamalakad sa Trabaho

Bilang bahagi ng ating paninindigan sa paggalang sa iba, pinaiiral natin ang mga karapatang pantao sa lahat ng ating operasyon. Sumusunod ang Nordson sa lahat ng naaangkop na batas sa sahod at oras sa trabaho, kung saan tinitiyak na ipinatutupad ang mga patas na pamamalakad sa trabaho sa ating lakas-paggawa sa buong mundo. Bukod pa rito, hindi natin pinapairal ang paggamit ng bata o sapilitang paggawa, at hindi makikipagnegosyo sa sinumang supplier o iba pang kasosyo sa negosyo na nalalaman nating gumagawa ng ganoong bagay. Sumangguni sa *Patakaran Laban sa Pangangalakal ng Tao at Pang-aalipin* ng Nordson para sa higit pang impormasyon.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Nagsabi sa akin ang isang katrabaho na ginugulo siya ng kanyang supervisor at hinipuan siya nito sa isang pulong. Hindi ito ang unang pagkakataon. Hinikayat ko ang aking katrabahong iulat ang sitwasyon, ngunit natatakot siyang mawalan ng trabaho kung gagawin niya ito. Ano ang dapat kong gawin?

S: **Una, dapat ninyong imungkahi sa inyong katrabahong sabihan ang kanyang supervisor na hindi niya gusto ang panghihipo nito. Kung hindi matitigil ang ganitong pagkilos at natatakot ang katrabaho ninyong mag-ulat, dapat ninyong iulat ang sitwasyon sa inyong supervisor o sa departamento ng Human Resources. Hinihikayat tayong lahat ng Nordson na iulat ang anumang paglabag sa ating Kodigo, patakaran ng Kumpanya o sa batas. Makakatulong ang pag-uulat ng insidenteng ito sa mga kapwa empleyadong nasa kaparehong sitwasyon. Kung isa kayong supervisor o manager, at inihayag sa inyo ng isang empleyado ang ganitong uri ng sitwasyon, maaari kayong magkaroon ng legal na pananagutang iulat ang insidente.**

T: Nag-anunsyo kamakailan ang aking supervisor na gagawin niyang tuwing tanghali nang Biyernes ang mga pagpupulong ng aming team. Ipinaliwanag ko sa kanyang kailangan kong manalangin sa oras ng aking pananghalian sa tanghali araw-araw. Sinabihan ako ng aking supervisor na kung hindi ako makadadalo sa mga pulong dahil "napakahalaga ng Diyos mo," hindi ako isaalang-alang para sa promosyon. Nainsulto ako at walang magawa. Ano ang dapat kong gawin?

S: **Dapat ninyong iulat kaagad ang mga komento ng inyong supervisor sa kinatawan ng inyong Human Resources. Nagbubunsod man ng ilegal na pandidiskrimina ang mga komento ng inyong supervisor o hindi, nakakasakit ang mga ito at pangangasiwaan sa isang naaangkop na pamamaraan.**

T: May narinig akong kwentong pinagkakatuwaan ang isang partikular na pangkat ng etniko. Hindi ako nainsulto sa kwento, gayunpaman, sa palagay ko ay maaaring hindi ikatuwa ng ilan sa aking mga katrabaho ang kwentong ito. Ano ang dapat kong gawin?

S: **Maaaring makasakit ng damdamin, at hindi naaangkop ang isang kwentong pinagkakatuwaan ang isang partikular na bansa, lahi o pangkat ng etniko—kahit pa ito ay "hindi nakakapanira" at nakakatuwa sa paningin ng ilang empleyado. Hindi ninyo dapat ulitin ang kwento sa inyong mga kapwa empleyado upang tiyaking walang maiinsulto. Bukod pa rito, kung kumportable kayong gawin, dapat ninyong imungkahi sa nagkukwentong huwag magbahagi ng mga naturang kwento dahil maaaring mainsulto sa mga ito ang ilang empleyado. Dapat din ninyong iulat ang insidente sa inyong manager o sa ibang mahihingian ng tulong.**

T: Naitalaga akong makipagtrabaho sa isang kasamahan na nagbigay sa akin dati ng mga komentong sekswal na nagpapahiwatig. Ginagawa niya akong hindi kumportable kaya naaapektuhan nito ang aking konsentrasyon. Ano ang dapat kong gawin?

S: **Ang pinakamainam ninyong gawin ay makipag-ugnayan sa Human Resources tungkol sa sitwasyon. Kung hindi kayo kumportableng gawin ito, dapat ninyong kausapin nang direkta ang inyong kasamahan o ang inyong supervisor. Gayunpaman, sa ganitong sitwasyon, mauunawaan kayo kung magpapasya kayong hindi gawin ito.**

Pagkapribado sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Bilang mga empleyado, kadalasang kailangan nating magbigay ng sensitibo o personal na nagpapakilalang data sa ating mga kasamahan, gaya ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan, sahod o mga benepisyo. May responsibilidad tayong bantayan at igalang ang pribadong personal na impormasyon ng ating mga kapwa empleyado alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas, kabilang ang mga lokal na batas sa pagkapribado o proteksyon ng data. Kung nauugnay sa inyong trabaho ang pag-access sa ganitong uri ng kumpidensyal na impormasyon, dapat kayong maging mas maingat upang mapangalagaan ito at gamitin lang ito sa sukdulang kinakailangan upang magawa ang inyong mga tungkulin sa trabaho. Sumangguni sa *Pangkalahatang Patakaran sa Pagkapribado* para sa higit pang impormasyon.

Kaligtasan sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Naninindigan ang ating Kumpanya sa pagpapanatili ng mga ligtas at naaangkop sa kalusugang kondisyon sa pagtatrabaho para sa bawat isa sa atin. Upang maisulong ang paninindigang iyon, dapat tayong maging responsable sa mga sumusunod na batas at regulasyon sa kaligtasan, gayundin sa mga kasanayan at pamamaraan sa kaligtasan na ipinatutupad ng Nordson. Dapat ninyong iulat kaagad ang anumang hindi ligtas o mapanganib na kondisyon o gawain. Bukod pa rito, dapat maging pamilyar ang bawat isa sa atin sa *Sistema sa Pamamahala ng Kaligtasan* ng Nordson.

Bilang bahagi ng ating paninindigan sa kaligtasan sa lugar na pinagtatrabahuan, hindi natin pinapayagan ang mga pagkilos o pagbabanta ng karahasan mula sa o laban sa ating mga kapwa empleyado. Kasama rito ang aktwal na pisikal na pagkilos, gayundin ang pananalitang naninindak o nagbabanta. Kung may nalalaman kayong anumang kilos ng pagbabanta o aktwal o potensyal na karahasan, dapat ninyo itong iulat kaagad. Sumangguni sa *Patakaran sa Kaligtasan, Kalusugan at Kapaligiran* ng Nordson para sa higit pang impormasyon.

Mga Ipinagbabawal na Gamot at Alak sa Lugar na Pinagtatrabahuan

Nagpatupad ang ating Kumpanya ng Lugar na Pinagtatrabahuang Walang Gumagamit ng Bawal na Gamot at Patakaran sa Pagsusuri sa Pagkagumon sa Alak at Ipinagbabawal na Gamot. Kung may kinakaharap kayong problema sa pagkagumon sa bawal na gamot o alak at kusang-loob kayong lumapit, gagawin ng Nordson ang makakaya nito upang magbigay ng tulong sa pamamagitan ng mga rekomendasyon at serbisyo ng rehabilitasyon. Kung sa palagay ninyo ay may impluwensya ng mga bawal na gamot o alak ang isang katrabaho habang nagtatrabaho, ipaalam kaagad sa inyong supervisor o sa kinatawan ng inyong Human Resources. Sumangguni sa *Patakaran* para sa higit pang impormasyon.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Katatanggap ko lang ng promosyon sa isang bagong posisyon sa isa sa aming mga pasilidad sa manufacturing. Pinagsimula kaagad ako sa pagtatrabaho ng aking supervisor, kahit na wala pa akong kasanayan sa makinang gagamitin ko. Maaari ko bang simulang gamitin ang kagamitang ito bago ako bigyan ng wastong pagsasanay?

S: **Hindi. Mahalaga ang wastong pagsasanay sa ating paninindigang pigilan ang mga aksidente at pinsalang nauugnay sa trabaho. Hindi kayo dapat gumawa sa kahit na anong kagamitang hindi pa kayo sanay na gamitin. Sa halip, dapat ninyong sabihin sa inyong supervisor na hindi pa kayo nabigyan ng wastong pagsasanay.**

T: Sinabihan ako ng aking supervisor na huwag iulat ang maliit na pinsalang nangyari kamakailan sa trabaho. Hindi nagresulta ang insidente sa pagliban ko sa trabaho at nakasalalay ang parangal sa pagganap ng team sa pagbaba ng aming rate ng insidente. AYOS lang bang hindi ito iulat?

S : **Hindi, hindi ito naging AYOS kailanman. Mayroong malinaw na salungatan sa pagitan ng insentibong pampinansyal at sa pangangailangang iulat ang lahat ng karamdaman at aksidenteng nauugnay sa trabaho. Dapat ninyong iulat ang lahat ng pinsalang nauugnay sa trabaho, gaano man ito kaliit. Natutulungan tayo ng pagsubaybay sa mga pinsala, kasama ang mga pinsala kung saan walang malubhang nasaktan o lumiban sa trabaho, upang matukoy ang kalakaran na maaaring humantong sa mas malulubhang insidente.**

Ang Ating Mga Customer, Supplier at Kalaban sa Negosyo

SA SEKSYONG ITO

Mga Batas Laban sa Katiwalian
Pagsunod sa Pag-aangkat/Pagluwas
Salungatan ng Interes
Mga Batas sa Antitrust/Kumpetisyon
Patas na Pakikipagnegosyo
Pakikiharap sa Mga Customer
Kalidad at Kaligtasan ng Produkto

Mga Batas Laban sa Katiwalian

Dahil sa ating presensya sa maraming bansa sa buong mundo, kinakailangan nating panatilihin ang ating integridad sa pamamagitan ng paninindigan sa pinakamatataas na pamantayan sa etika saanman tayo nagtatrabaho. Nangangahulugan ito ng pagsunod sa iba't ibang batas laban sa katiwalian – kabilang ang U.S. Foreign Corrupt Practices Act (FCPA), ang UK Bribery Act at ang United Nations Convention Against Corruption – sa bawat hurisdiksyon kung saan tayo nagnenegosyo.
Upang makasunod sa mga batas na ito at sa patakaran ng Nordson, lahat tayo – kabilang ang mga kinatawan ng ating Kumpanya – ay pinagbabawalan sa:

- **Pag-aalok ng anumang may halaga sa isang opisyal ng pamahalaan upang makapagnegosyo o makapagpanatili ng negosyo**
- **Pagsasagawa ng mga hindi wastong pagbabayad sa pamamagitan ng isang third party**
- **Paggamit sa mga pondo o asset ng kumpanya upang impluwensyahan ang iba sa pamamagitan ng mga suhol at kickback.**

Ang "suhol" ay ang pagbibigay ng anumang bagay na may halaga sa pagtatangkang impluwensyahan ang mga pagkilos o pagpapasya ng isang opisyal ng pamahalaan, makapagnegosyo o makapagkamit ng anumang iba pang hindi wastong kalamangan. Hindi lamang lumalabag sa batas sa maraming lugar ang panunuhol, ngunit nakakasira rin ito sa mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo. Para sa mga kadahilanang iyon, hindi dapat natin kailanman suhulan o tangkaing suhulan ang sinumang opisyal ng pamahalaan. Tandaang sa ilang bansa, kasama sa opisyal ng pamahalaan ang:

- **Mga opisyal, empleyado at ahente ng mga pambansa, pangrehiyon o lokal na pamahalaan**
- **Mga tauhan ng militar**
- **Mga miyembro ng mga ehekutibo, lehislatibo at panghukumang sangay ng mga pambansa, pangrehiyon o lokal na pamahalaan**
- **Mga kandidato para sa posisyon sa pulitika, mga partido sa pulitika at mga opisyal ng mga partido sa pulitika**
- **Mga empleyado, komersyal na negosyo o iba pang enterprise na pagmamay-ari o kinokontrol ng mga pambansa, pangrehiyon o lokal na pamahalaan**

Higit pa rito, hindi dapat tayo masangkot sa pangkomersyal na panunuhol. Ang "pangkomersyal na panunuhol" ay isang gawaing pag-aalok ng suhol sa mga pribadong customer, supplier o sa sinumang nagtatrabaho sa ngalan nila para sa layuning makapagkamit o makapagpanatili ng negosyo. Pinagbabawalan din tayong pahintulutan ang isang third party na magsagawa ng mga hindi wastong pagbabayad para sa atin.

Gayundin, nagpatupad tayo ng zero-tolerance na patakaran para sa "mga kickback." Nangangahulugan itong hindi tayo maaaring gumawa o tumanggap ng mga pagbabayad bilang kapalit ng pagiging bahagi ng isang pag-aayos sa negosyo.

Pagpapabilis ng Mga Pagbabayad

Sa ilang partikular na napakalimitadong sitwasyon, hindi itinuturing na panunuhol ang pagsasagawa ng maliliit, paminsan-minsang pagbabayad sa mga empleyado ng pamahalaan upang pabilisin ang mga karaniwang proseso. Gayunpaman, kadalasang mahirap matukoy ang pagkakaiba, kaya kung hindi kayo sigurado, dapat ninyong konsultahin ang isa sa mga abogado sa Law Department. Gayundin, kung makakatanggap kayo ng kahilingan para sa pagbabayad mula sa isang opisyal ng pamahalaan, dapat ninyong abisuhan kaagad ang Law Department.

Kumplikado ang mga batas laban sa katiwalian, at mabigat ang kaparusahan sa paglabag sa mga batas na ito. Para sa kadahilanang ito, dapat ninyong iwasan ang anumang aktibidad na maaaring mapaghinalaan bilang isang hindi wastong pagbabayad o pagreregalo.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Binabalak kong paghandaan sa isang pananghaliang pulong ang mga opisyal ng pamahalaan mula sa ibang bansa na may kaugnayan sa isang transaksyon sa negosyo sa Nordson. Lalabag ba ito sa FCPA o sa iba pang batas laban sa katiwalian?

S: **Ang isang makatuwirang paggastos para sa isang normal na pananghaliang pulong para sa negosyo kasama ng opisyal ng pamahalaan ay maaaring payagan sa ilalim ng FCPA o sa ilalim ng lokal na batas. Gayunpaman, dapat kayong makakuha ng paunang pag-apruba mula sa inyong supervisor o manager bago asikasuhin ang naturang kaganapan. Matutulungan kayo ng inyong supervisor o manager, kasama ng Law Department, na matukoy kung maaari itong magmukhang panunuhol.**

T: Mahirap para sa Nordson na magtayo ng negosyo sa maraming bansa. May nakilala akong ahente kamakailan na maaaring tumulong sa ating Kumpanyang makapagnegosyo sa isang katulad na bansa. Maaari ko bang kunin ang ahenteng ito sa ngalan ng ating Kumpanya?

S: **Maaari, ngunit bago ninyo ito gawin, dapat muna kayong magsagawa ng pagsusuri sa background ng ahente bilang ating makatuwirang pag-iingat. Makipag-ugnayan sa sinumang abogado sa Law Department para sa isang form na ibibigay sa posibleng ahente. Dapat makumpleto ang form na ito bago lagdaan ang anumang kasunduan. Tandaan na kinakailangan din ang pagsusuri sa background ng mga bagong kinatawan at distributor sa mga pagbebenta.**

Ang anumang pagbabayad na pinahihintulutan sa ilalim ng mga batas na ito laban sa katiwalian at laban sa panunuhol – gaya ng mga makatuwirang gastos sa pagbiyahe para sa isang opisyal ng pamahalaan na bibisita sa isa sa ating mga pasilidad upang tingnan ang pagsusuri sa ating kagamitan – ay dapat itala nang tumpak sa ating mga talaan ng pagtutuos.

Pagsunod sa Pag-aangkat/Pagluwas

Dahil isa tayong pandaigdigang kumpanyang may mga operasyon at customer sa buong mundo, dapat tayong sumunod sa mga batas at regulasyon sa kalakalan sa bawat bansa kung saan tayo nagnenegosyo, gayundin sa mga naaangkop na paghihigpit sa kalakalang ipinatutupad ng pamahalaan ng U.S. Kung hindi natin ito gagawin, maaaring mawala sa atin ang pribilehiyong magluwas sa buong mundo.

Napakahigpit ng mga batas sa pagkontrol ng iniluluwas sa Estados Unidos, at hindi nito pinahihintulutan ang mga pagbebenta ng iniluluwas sa ilang partikular na grupo ng mga tao, kumpanya at bansa. Nalalapat ang mga pagbabawal sa iniluluwas na ito sa Nordson, sa ating mga internasyonal na subsidiary at distributor. Tandaan na kasama sa "iniluluwas" ang mga produkto at kagamitang ginagawa natin, g ayundin ang ating teknolohiya at impormasyon.

Mga Tanong sa Pagsunod sa Pag-aangkat/Pagluwas? Magpadala ng email sa tradecompliance@nordson.com

Sumusunod din ang Nordson sa mga batas laban sa pagboykot ng U.S. na nagbabawal sa ating makilahok sa mga pinaghihigpitang gawain sa kalakalan o mga hindi pinapayagang pagboykot. Saang lugar man tayo nagtatrabaho, pinagbabawalan tayo ng batas ng U.S. na tumanggi o sumang-ayong tumangging makipagnegosyo sa:

- **Binoykot na bansa o mga mamamayan nito**
- **Naka-blacklist o binoykot na kumpanya**

Bukod rito, hindi tayo dapat magpatunay na hindi naka-blacklist ang isang entity o magbigay ng impormasyon ng mga aktibidad ng isang kumpanya sa isang binoykot na bansa o na-blacklist na kumpanya o hinggil sa lahi, relihiyon, kasarian o bansang pinagmulan ng mga tauhan.

Dapat nating iulat ang anumang kahilingang lumahok sa isang hindi pinahihintulutang pagboykot sa pamahalaan ng U.S. Samakatuwid, kung sa palagay ninyo ay nakatanggap kayo ng kahilingan sa pagboykot o mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga aktibidad na pag-boykot, napakahalagang abisuhan ninyo ang ating Law Department.

Mangyaring makipag-ugnayan sa Global Trade Compliance Group sa tradecompliance@nordson.com kung kailangan ninyo ng tulong sa pagtukoy kung maaari ba ninyong iluwas ang isang produkto ng Nordson. Makikita ninyo ang impormasyon tungkol sa ating *Programa sa Pagsunod sa Pagluwas* sa intranet ng Nordson.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Tumanggi ang isang customer mula sa ibang bansa na magbigay ng kumpletong impormasyon tungkol sa end-user ng produkto, na kinakailangan ko upang masuri ang pagsunod sa mga regulasyon sa pagluwas sa aking bansa. Maaari ba akong magpatuloy nang wala ang impormasyong ito?

S: **Hindi. Ipaliwanag sa customer na kinakailangan ang impormasyong ito upang matugunan ang mga regulasyon sa pagkontrol ng iniluluwas. Kung hindi mo makukuha ang impormasyong ito mula sa customer, makipag-ugnayan sa Global Trade Compliance Group (Pangkat sa Pagsunod sa Pandaigdigang Kalakalan) para sa tulong.**

Salungatan ng Interes

Ang bawat isa atin ay may tungkuling iwasan ang salungatan ng interes. Nagkakaroon ng "salungatan ng interes" kapag nakakasagabal ang personal o pampamilyang interes sa ating mga kakayahang gumawa ng mga matino o obhetibong pasya sa negosyo sa ngalan ng Nordson. Kung may nalalaman kayong potensyal na salungatan, dapat ninyong ipagbigay-alam ito sa inyong supervisor o manager.

Nagbibigay ang mga sumusunod na seksyon ng higit pang patnubay sa mga karaniwang sitwasyong may salungatan ng interes.

Paglilibang at Mga Regalo

Ang paglilibang at mga regalo ay mga karaniwang kagandahang-loob na ibinibigay upang pangalagaan ang mga ugnayan sa negosyo at magkaroon ng magandang samahan sa negosyo. Gayunpaman, isang salungatan ng interes na gamitin ang paglilibang o mga regalo upang impluwensyahan ang isang pasya sa negosyo (at maaari din nitong labagin ang mga patakaran sa panunuhol na tinalakay sa itaas). Ipinaalala sa inyong magpairal ng matinong pagpapasya at pagtitimpi sa pagtanggap o pagbibigay ng anumang uri ng regalo. Hindi pinahihintulutan ang regalo kung pinagbabawalan ito ng batas o kung nilalayon nito o nagmumukhang iniimpluwensyahan nito ang tatanggap sa hindi wastong paraan. Hindi pinahihintulutan kailanman ang isang regalo sa anyo ng salapi o katumbas ng salapi.

Pinakamainam na sundin ang mga simpleng alituntuning ito kaugnay ng mga regalo, pabor o kaloob sa negosyo:

- **Hindi dapat ibigay o tanggapin ang regalo, pabuya o kaloob kung mayroong inaasahang kapalit na espesyal na pagtrato.**
- **Ang ibibigay o tatanggaping regalo, pabuya o kaloob ay pinahihintulutan sa ilalim ng lahat ng naaangkop na batas na nangangasiwa sa tagapagbigay at sa tatanggap.**
- **Ang halaga ng regalo, pabuya o kaloob ay nakaayon sa halaga ng mga karaniwang regalo, pabuya o kaloob sa negosyo sa rehiyon.**

Tandaang higit na mas mahigpit ang mga panuntunang nangangasiwa sa pagbibigay ng mga regalo, pabor at paglilibang sa sinumang opisyal ng pampublikong pamahalaan kaysa sa mga panuntunang itinakda sa seksyong ito. Pakitingnan ang seksyong “Mga Batas Laban sa Katiwalian” ng ating Kodigo para sa higit pang impormasyon.

Mga Pinansyal na Interes sa Labas

Ganap na katanggap-tanggap na magkaroon ng mga pinansyal na interes sa anumang pampublikong kumpanya, kahit na ang kumpanya pang iyon ay isang kalaban sa negosyo, customer o supplier ng Nordson. Gayunpaman, hindi dapat maging napakalaki ng direktang pamumuhunan (mahigit sa 1% ng mga natitirang share ng pampublikong kumpanya) kung saan maaari nitong impluwensyahan – o makatuwirang tingnang iniimpluwensyahan – ang ating pasya sa mga isyung nauugnay sa kumpanya. Kung may malaking puhunan na kayo sa katulad na kumpanya, dapat ninyo itong talakayin sa isa sa mga abogado ng Law Department.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Nanalo ang aking proyekto sa marketing ng unang gantimpala sa isang kumpetisyon kung saan isponsor ang isang samahan sa pakikipagkalakalan, at binigyan ako ng premyong salapi. Maaari ko bang kunin ang premyong salapi?

S: **Hindi. Bagama’t ipinagmamalaki kayo ng Nordson sa inyong nakamit, lilikha ang pagtanggap sa premyong salapi ng salungatan ng interes. Ang mga indibidwal ay hindi dapat pinansyal na makinabang, nang mahigit sa karaniwang sahod, para sa mga proyekto sa trabahong nakumpleto bilang mga empleyado ng Nordson. Dapat kayong makipag-ugnayan sa Coordinator ng Etika at Pagsunod para sa pinakamainam na gagawin sa premyo. Ilan sa mga opsyong isasaalang-alang ay ang paggamit ng mga pondo para sa isang kaganapang ginagastusan ng kumpanya o departamento o pagbibigay nito bilang donasyon sa isang charity. Kailangan din ninyong ipaalam sa inyong supervisor o manager ang tungkol sa premyo at kung paano ginamit ang mga laang-salapi.**

T: Ang isang vendor sa matagal nang panahon ay nagbigay sa akin ng gift card sa paborito kong restaurant. Maaari ko bang tanggapin ang regalo?

S: **Hindi. Hindi mo dapat tanggapin ang regalong ito dahil nasa anyo ito ng gift card. Anuman ang halaga nito, hindi pinahihintulutan ng Nordson ang pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo sa anyo ng salapi o mga katumbas ng salapi gaya ng mga gift card o tseke.**

T: Inalok ako ng presidente ng isang vendor ng apat na ticket sa isang championship ng propesyonal na laro kung saan ilang buwan nang ubos ang ticket. Hindi makakanood sa laro ang presidente, at wala ring dadalong kinatawan ng vendor para samahan ako. Maaari ko bang dalhin ang aking pamilya, o kailangan ko bang mag-aya ng mga katrabaho?

S: **Ang totoo niyan, hindi mo maaaring tanggapin ang regalo sa anumang paraan. Lalabas na walang layunin ng negosyo kung kayo at ang inyong pamilya lang ang dadalo. Bukod dito, kung ang kapalit nito ay kakailanganin ninyong paboran ang vendor sa transaksyon ng negosyo sa hinaharap, hindi ninyo dapat tanggapin ang imbitasyon. Gayunpaman, kung sa kultura ng tagapagbigay ng regalo ay nakaiinsulto at nakakabastos ang pagtanggi, maaaring tanggapin ang regalo nang may unawaang ibibigay ito sa Nordson para gamitin sa pagkakawanggawa. Kung dadalo ang vendor at inimbitahan kayo, maaari ninyong tanggapin ang imbitasyon hangga’t walang unawaan sa panig ng vendor na papaboran ang vendor sa isang transaksyon sa negosyo.**

Mga Oportunidad sa Trabaho sa Labas

Hindi tayo maaaring lumahok sa anumang trabaho o interes sa negosyo sa labas kung saan maaari itong lumikha ng salungatan ng interes o makasagabal sa ating mga tungkulin sa Nordson. Habang empleyado sa Nordson, hindi tayo maaaring tumanggap ng posisyon sa labas, sa isang kumpanyang kumikilos bilang supplier, kasosyo sa negosyo o kalaban sa negosyo ng Nordson. Bukod dito, hindi natin kailanman maaaring gamitin ang mga kagamitan ng Nordson o gamitin ang oras sa trabaho upang gawin ang ibang trabahong para sa ibang kumpanya.

Higit pa rito, kapag bahagi ng lupon ng mga direktor, o nagtatrabaho bilang isang trustee o opisyal sa anumang kumpanyang bukod sa Nordson, kinakailangan ang paunang nakasulat na pahintulot mula sa Law Department.

Mga Hindi Wastong Personal na Benepisyo

Maaari ding magkaroon ng salungatan ng interes kapag binibigyan ang isang direktor, opisyal o empleyado, o ang isang miyembro ng kanyang malapit na pamilya, ng mga hindi wastong personal na benepisyo dahil sa kanyang posisyon sa Nordson. Kasama sa mga naturang benepisyo ang mga regalo o loan mula sa isang entity o taong nakakatransaksyon ng Nordson. Dapat nating iwasan ang pagtanggap ng anumang naturang benepisyo, dahil ang pagtanggap nito ay isang paglabag sa ating Kodigo, sa patakaran ng Kumpanya at sa batas.

Mga Personal na Ugnayan

Maaari ding magkaroon ng salungatan ng interes – o magmukhang mayroon nito – kung hahayaan nating makaimpluwensya ang mga personal na ugnayan sa mga pasya sa negosyo. Dahil dito, hindi tayo pinahihintulutang pangasiwaan ang mga miyembro ng malapit na pamilya, at hindi rin pinahihintulutan maging ang hindi direktang pag-uulat nila sa atin. Kasama sa “miyembro ng malapit na pamilya” ang asawa, mga anak, stepchildren, mga magulang, mga stepparent, mga kapatid, mga in-law at sinumang iba pang miyembro ng inyong sambahayan.Kung may malalaman kayong katulad na sitwasyon, dapat ninyo itong iulat sa inyong supervisor o manager.

Gayundin, hindi ninyo dapat isangkot ang Nordson sa isang pakikipag-ugnayan sa negosyo sa isang kapamilya o sa isang negosyo kung saan kasosyo, direktor o opisyal ang isang kapamilya, nang hindi muna tinatalakay ang mga implikasyon sa iyong supervisor o manager. Maaaring kailanganin din ang pahintulot mula sa Law Department.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Kamakailan akong nakakuha ng bahagi sa isang negosyo na supplier sa Nordson, at nag-aalala akong hindi ito payagan ng Nordson. Upang maiwasan ang salungatan ng interes, maaari ko bang ilagay ang aking interes sa kumpanya sa pangalan ng aking kapatid?

S: **Hindi. Una sa lahat, kung direkta kayong nakikinabang sa interes, malinaw na mayroong salungatan kahit kanino nakapangalan ang interes sa negosyo. Pangalawa, nasasaklaw ng ating patakaran ang mga interes sa pagmamay-ari ng mga kamag-anak at kapamilya. Ibig sabihin ay magkakaroon pa rin ng salungatan ng interes, at dapat itong ihayag sa Coordinator ng Etika at Pagsunod.**

T: Mayroon akong pangalawang trabaho na nangangailangan ng regular na pag-follow up sa aking mga customer sa pamamagitan ng telepono. Katanggap-tanggap bang gawin sa mesa ko ang pagtawag o pagpapadala ng mga email sa mga customer na iyon sa oras ng mga break ko?

S: **Hindi. Bagama’t maaaring katanggap-tanggap na gamitin ang mga kagamitan ng Nordson, kabilang ang email at mga telepono para sa mga nagkataong personal na layunin, gaya ng mabilisang tawag sa isang kaibigan upang magplano ng pananghalian, hindi kailanman pinapayagang gamitin ang telepono o sistema ng email ng Nordson para sa gawain sa labas ng trabaho.**

Mga Batas sa Antitrust/Kumpetisyon

Magkakaiba ang mga batas ng kumpetisyon sa buong mundo, ngunit iisa ang karaniwang layunin ng mga ito: upang protektahan at panatilihin ang isang malayang merkado na nagbibigay sa mga customer ng matataas na kalidad ng produkto at serbisyo sa mga makatarungang presyo. Dapat sumunod ang bawat isa sa atin sa mga batas na ito (tinatawag kung minsan na batas sa "antitrust," "monopolyo" o "kartel") saanman tayo nagnenegosyo.

Marami tayong dapat iwasang sitwasyon upang makasunod sa mga batas na ito. Hindi natin dapat talakayin ang pagpepresyo o impormasyong nauugnay sa presyo sa ating mga kalaban sa negosyo, kahit pa sa kaswal na pag-uusap. Hindi tayo kailanman maaaring makipagkasundo sa sinumang nakakatransaksyon natin upang maghati ng mga market, customer o teritoryo. Bukod dito, hindi natin dapat talakayin kailanman ang pagboykot ng mga customer, supplier o kalaban sa negosyo. Kung hihikayatin kayo ng isang kalaban sa negsoyo sa alinmang uri ng mga talakayang ito, dapat ninyong pigilan kaagad ang pag-uusap at iulat ito sa inyong supervisor o manager sa lalong madaling panahon. Kahit ang lumalabas lang na pagsasabwatan ay maaaring lumikha ng malaking panganib para sa Nordson.

Marami sa atin ang madalas lumahok sa mga samahan sa pakikipagkalakalan. Sa paglahok na ito, nakakaugnayan natin ang mga kinatawan ng ating mga kalaban sa negosyo. Tandaang nalalapat ang mga batas sa patas na kumpetisyon sa paraan ng pagkilos natin sa mga usapin ng samahan sa pakikipagkalakalan. Maaaring makilala natin nang lubusan ang ating mga kalaban sa negosyo sa mga pulong ng samahan sa pakikipagkalakalan, kung saan may panganib na humantong ang pag-uusap sa mga hindi naaangkop na talakayan sa negosyo. Ang pinakamainam na paraan upang maiwasan ang isang isyu ay sundin ang mga alintuntunin sa seksyong ito kapag lumalahok o dumadalo kayo sa mga trade show o pulong sa pakikipagkalakalan.

Makikita ang higit pa tungkol dito sa Mga Alituntunin para sa Pagsunod sa Mga Batas at Regulasyon sa Hindi Patas na Kumpetisyon ng Nordson.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Habang kausap ang isang kaibigang nagtatrabaho sa isang kalaban sa negosyo, nagpahiwatig siya na kung makagagawa ako ng paraan upang taasan ng Nordson ang singil nito sa isang partikular na produkto, titiyakin niyang magtataas din ang kumpanya nila sa parehong presyo para sa parehong produkto. Paano ako dapat tumugon?

S: **Dapat ninyong sabihin sa inyong kaibigan na hindi wasto ang ganitong talakayan sa negosyo at iulat agad ang pag-uusap sa inyong manager at sa isang miyembro ng Law Department. Kung sasang-ayon kayo sa naturang kasunduan, maaari kayong magkasala sa pag-aayos ng presyo. Lumalabag ang pag-aayos ng presyo sa mga batas sa patas na kumpetisyon at maaari itong magdulot ng mabibigat na kaparusahan para sa inyo at sa Nordson.**

T: Sa isang kumperensya ng industriya, kasalo ko sa pananghalian ang isang grupo ng mga kinatawan sa pagbebenta mula sa iba't ibang kalaban sa negosyo. Iminungkahi ng isa sa kanila na, "Mas makikinabang tayong lahat kung paghahatian natin ang mga teritoryo." Magandang ideya ba ito?

S: **Hindi. Nagmumungkahi ng paghahati ng market ang kinatawan sa pagbebentang ito, na maaaring isang paglabag sa mga batas ng patas na kumpetisyon. Hindi lang kayo dapat umalis sa usapan, ngunit dapat din ninyo itong gawin sa paraang malinaw ang pagtutol ninyo sa talakayan. Bukod dito, dapat kayong magbigay sa inyong supervisor o sa isang miyembro ng Law Department ng nakasulat na salaysay ng insidente at ng inyong pag-alis sa mga pag-uusap at sa grupo, sa lalong madaling panahon.**

Patas na Pakikipagnegosyo

Mahalagang sinusunod natin ang mga pamantayan ng patas na pakikipagnegosyo sa lahat ng pagkakataon. Ibig sabihin, pinapatnubayan dapat palagi ng ating integridad ang ating asal sa negosyo. Partikular na mahalaga para sa mga taong may kaugnayan sa pagbebenta o sa marketing na magbigay lang ng matapat at eksaktong impormasyon kapag inilalarawan ang mga kalamangan ng produkto ng Nordson

Samakatuwid, sa tuwing tinatalakay natin ang ating mga produkto, serbisyo at presyo, dapat tayong magsabi ng totoo at eksaktong impormasyon. Ibig sabihin din nito, hindi tayo gagawa kailanman ng mga mali o nakapagpapahamak na pahayag tungkol sa ating mga kalaban sa negosyo o sa kanilang mga produkto.

Upang manatiling nakasasabay sa kumpetisyon, mahalagang malaman natin ang mga kalakaran sa negosyo ng ating mga kalaban, ngunit hindi natin kailanman dapat kunin ang impormasyong ito sa ilegal o hindi etikal na paraan. Halimbawa, hindi natin maaaring kunin para sa trabaho ang empleyado ng ating kalaban sa negosyo para sa layunin ng pagkuha ng kumpidensyal na impormasyon. Dapat din nating isiping maaaring napapailalim sa mga kasunduan sa pagkakumpidensyal ang mga bagong empleyado kung saan kailangan nilang sumunod, kaya hindi natin sila dapat hikayating maghayag ng impormasyon tungkol sa kanilang mga dating employer. Hindi rin natin dapat bayaran o suhulan ang isang kinatawan ng kalaban sa negosyo para sa impormasyon. Gayunpaman, maaari tayong magsaliksik tungkol sa ating mga kalaban sa negosyo sa pamamagitan ng anumang paraang karaniwang available sa publiko.

Upang tulungan tayong maunawaan ang kahalagahan ng matapat at tumpak na pakikipag-ugnayan, sumangguni sa programang *Magsulat Nang Matalino* ng Nordson. Available ito sa page ng intranet ng Pamamahala ng Kumpanya.

Pakikiharap sa Mga Customer

Mahalagang patuloy nating pinangangalagaan ang tiwala ng ating mga customer. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng paghahatid ng mga ligtas at mataas na kalidad na produktong higit pa sa inaasahan ng mga customer. Sa layuning ito, hinihikayat natin ang patuloy at bukas na pakikipag-ugnayan upang maunawaan ang mga pangangailangan ng ating mga customer. Mahalaga ring maisakatuparan natin ang mga tinutukoy sa mga kontrata sa pagitan ng Nordson at ng ating mga customer.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Hindi natin dapat siraan ang mga produkto ng ating kalaban sa negosyo. Maaari ba nating sabihin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng ating mga produkto at kung bakit mas mahusay ang ating mga produkto?

S: **Oo. AYOS lang na sabihin sa mga customer o sa iba kung bakit naniniwala tayong mas mahusay ang mga katangian at performance ng ating mga produkto kaysa sa mga produkto ng ating mga kalaban sa negosyo. Iyon ang dapat nating ginagawa. Gayunpaman, hindi katanggap-tanggap na gumawa ng mga hindi napatunayang pahayag tungkol sa mga produkto ng ating mga kalaban sa negosyo o na tawagin ang mga itong "basura" o "hindi ligtas." Sa halip, dapat nating pagtuunan ng pansin ang data at ang mga dahilan kung bakit ang ating produkto ang pinakamahusay.**

Ang Nordson ay mayroong kultura ng korporasyon na pagpapanatiling kumpidensyal ng customer.

Ibig sabihin nito, dapat ituring ng mga empleyado ng Nordson ang lahat ng hindi pampublikong impormasyong makukuha natin sa isang customer, o malalaman tungkol sa isang customer, o sa negosyo, mga operasyon sa manufacturing o mga produkto nito, bilang kumpidensyal na impormasyon ng customer, kahit na walang umiiral na kasunduan sa hindi paghahayag.

Hindi dapat ihayag ng mga empleyado ang kumpidensyal na impormasyon ng customer sa sinumang iba pang empleyado, o talakayin ito sa sinuman, maliban sa mga empleyadong kailangang malaman ang impormasyon dahil may kaugnayan ito sa kanilang trabaho sa proyekto ng customer.

Bukod dito, maliban kung isinapubliko ng customer ang paggamit nito sa mga produkto ng Nordson, itinuturing nating kumpidensyal na impormasyon ang pagkakakilanlan ng customer at ang impormasyong nagtutustos ang Nordson ng mga produkto sa customer at hindi natin tinatalakay ang impormasyong ito sa sinumang iba pang customer o sa sinumang iba pang third party.

Kapag humaharap sa mga customer, mahalagang hindi kayo kailanman:

- **Magpapatupad ng mga pangteritoryo, pang-costumer o pang-end use na paghihigpit sa abilidad ng customer na mag-resell ng ating mga produkto nang walang paunang paghintulot ng Law Department**

- **Magtatangkang makipagkasundo sa customer na tanging sa Nordson lang nila bibilhin ang lahat ng kinakailangan nila sa isang partikular na produkto, na eksklusibo silang makikipag-transaksyon sa Nordson o na hindi sila bibili ng mga kalaban nitong produkto—maliban na lang kung naikonsulta na ninyo ito sa nakaraan at nabigyan kayo ng pahintulot ng isa sa mga abogado sa Law Department**

- **Magpapabili sa isang customer ng isang produkto bilang kondisyon ng pagbebenta ninyo sa customer na ito ng isa pang produkto**

- **Magbibigay sa mga magkakumpitensyang customer ng magkaibang presyo, diskwento, rebate o ng magkaibang tuntunin sa pagbebenta para sa pareho o magkatulad na produkto, maliban na lang kung kinakailangan ito upang matugunan ang mga presyong inaalok ng ating mga kalaban sa negosyo, bumibili ang mga customer sa ilalim ng programang diskwento sa volume, o mayroong iba pang katwirang pangnegosyo para gawin ito**

Pagdating sa pagpepresyo, maaari nating tiyak na itakda ang mga presyo para sa ating mga produkto at kagamitan, o tumbasan ang mga presyo ng ating mga kalaban sa negosyo. Gayunpaman, hindi tayo maaaring magbigay ng magkaibang presyo para sa parehong produkto sa mga magkakumpitensyang customer nang walang legal na dahilan. Kung mahaharap kayo sa katulad na sitwasyon at hindi kayo sigurado kung paano kikilos, mangyaring kumonsulta sa ating Law Department

Kalidad at Kaligtasan ng Produkto

Bilang nangunguna sa industriya, nakatuon ang Nordson sa pagtiyak sa kaligtasan at kalidad ng mga produkto at kagamitan nito. Napakahalaga sa ating reputasyon at patuloy na tagumpay ang paghahatid sa ating mga customer ng ligtas, maaasahan, at mataas na kalidad na kagamitan. Dapat nating sundin ang lahat ng naaangkop na batas at regulasyong kaugnay ng kaligtasan ng produkto, at dapat nating iulat ang anumang alalahanin hinggil sa kaligtasan ng produkto o kagamitan, gaano man ito kaliit.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Isa akong trabahador sa isa sa ating mga pasilidad sa manufacturing, at gumagawa ako ng mga kagamitang nagtutunaw (hot melt equipment). Napansin kong mukhang gawa sa mahinang kalidad ang mga fastener na ginagamit namin ngayon kumpara sa mga karaniwan naming ginagamit na fastener. Dapat ba akong magsalita?

S: **Oo, dapat ninyong iulat kaagad ang sitwasyon sa inyong supervisor o manager. Bagama't minsan, maaaring magbago ang mga detalye ng isang piyesa, posible ring nagagamit natin ang mga maling parte nang hindi sinasadya dahil sa pagkakamali sa pagpapadala o sa iba pang dahilan. Maaaring makaapekto ang naturang kaganapan sa kalidad at kaligtasan ng ating mga produkto at maaari pa nitong mailagay sa panganib ang ating mga customer o empleyado, gayundin ang reputasyon ng Nordson.**

Ang Ating Mga Shareholder

SA SEKSYONG ITO

Pag-uulat at Paghahayag ng Pananalapi

Pagtatago ng Talaan

Pagsunod sa Mga Pag-audit at Pagsisiyasat ng Pamahalaan

Insider Trading

Proteksyon at Pagmamay-ari ng Mga Asset at Impormasyon

Wastong Paggamit ng Mga Asset ng

Pagkakaroon ng Iisang Boses

Pag-uulat at Paghahayag ng Pananalapi

Bilang isang pampublikong kumpanya, napakahalagang magpanatili tayo ng mga tumpak na talaang nagbibigay ng kumpleto at matapat na paglalarawan ng ating kalagayang pinansyal. May responsibilidad ang bawat isa sa ating panatilihin ang matapat na pagtutuos, at magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa bawat ipinapasok natin sa mga talaan ng Kumpanya – pinansyal at iba pa – para sa katumpakan at pagiging kumpleto ng mga ito.

Ang ilang tauhan ng Nordson – katulad ng Chief Executive Officer, Chief Financial Officer, mga senior financial manager at lahat ng empleyado sa pananalapi at pagtutuos – ay may responsibilidad sa higit pang mas mataas na pamantayan ng kahusayan. Inaasahan sa mga empleyadong itong maging pamilyar at manindigan sa mga gawain sa pagtutuos at sa mga batas at regulasyon sa pananalapi ng Kumpanya. Bukod dito, kailangan nilang tiyaking kumpleto, walang daya, tumpak at nauunawaan ang impormasyong nilalaman sa ating mga pampublikong paghahayag na pinansyal. Ang ating mga senior financial officer ay kinakailangan ding:

- **Tumulong sa pagpapanatili at pagtataya ng mga internal na kontrol at pamamaraan upang matugunan ng mga ulat at paghahayag ng Nordson ang mga kinakailangan ng mga naaangkop na batas at regulasyon**
- **Iulat kaagad sa Chief Financial Officer, Coordinator sa Etika at Pagsunod, sa external na Helpline at/o sa Chairperson ng Audit Committee ang anumang butas o kawalan ng kasanayan na maaaring makasira sa ating mga pampublikong paghahayag o pag-uulat**
- **Makipag-ugnayan nang bukas at matapat sa mga indibidwal na naghahanda sa ating mga pagpapahayag na pinansyal at sa ating mga external na auditor**
- **Tiyaking nalalaman at sinusunod ang mga prinsipyong ito ng mga empleyadong gumagawa ng mga trabaho sa pagtutuos o pag-uulat na pinansyal**

Upang panatilihin ang ating reputasyon sa pag-uulat na pinansyal, dapat iulat ng bawat isa sa atin ang anumang malalaman nating paglabag sa pagtutuos o pag-uulat.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Habang out of town para sa negosyo, nilibre ko ang isang kaibigan ng hapunan sa isang lokal na restaurant na hindi sobrang kamahalan ang presyo. Mahigit ang bill sa halaga ng karaniwang pagkain para sa isang tao, ngunit hindi naman labis-labis. Maaari ba akong mag-file ng ulat sa gastos upang maibalik sa akin ang ginastos ko para sa hapunang ito?

S: **Hindi. Ibabalik ng Kumpanya ang ginastos ninyo para sa inyong kinain, ngunit hindi ang para sa kinain ng inyong kaibigan. Ang paglalagay ng impormasyong ito sa inyong ulat ng gastos ay pandaraya, at isang paglabag sa ating Kodigo at patakaran ng Kumpanya.**

Pagtatago ng Talaan

Napakahalagang panatilihin natin ang ating mga talaan sa wastong paraan sa pamamagitan ng pagsunod sa Patakaran sa Pagpapanatili ng Mga Talaan at Takdang Panahon ng Pagpapanatili ng Mga Talaan. Inilalarawan ng patakarang ito ang mga hakbang na dapat nating gawin upang wastong matukoy, maimbak, maprotektahan at masira ang mga dokumento at talaan ng Kumpanya.

Pagsunod sa Mga Pag-audit at Pagsisiyasat ng Pamahalaan

Kung ipinaalam sa inyong kinakailangan ang inyong mga talaan sa anumang kasalukuyan o posibleng demanda, pag-audit o pagsisiyasat, mahalagang maging natatangi ang iyong pag-iingat upang mapanatili ang mga talaang iyon. Sa naturang kaganapan, hindi ninyo dapat sirain o baguhin ang anumang dokumentong may kaugnayan sa kahilingang ito. Kung hindi kayo sigurado kung umiiral pa ang naturang abiso, dapat kayong makipag-ugnayan sa isa sa mga abogado sa Law Department, upang magawa nating makipagtulungan sa pangasiwaan, mga auditor at mga tagapagsiyasat ng pamahalaang may kaugnayan sa anumang pag-audit o pagsusuri ng ating Kumpanya.

Kung humiling ang sinuman – mula man sa pamahalaan o sa ibang lugar – ng impormasyong nauugnay sa isang kasalukuyang pagsisiyasat ng ating Kumpanya o sa isang kapwa empleyado, dapat kayong humingi ng patnubay sa isa sa mga abogado sa Law Department bago magbigay ng anumang impormasyon.

Sa lahat ng naturang pagkakataon, inaasahang magbibigay kayo ng eksakto at kumpletong impormasyon. Hindi dapat kayo kailanman magtago o mameke ng impormasyon sa negosyo o magtangkang impluwensyahan o linlangin ang isang tagapagsiyasat, at hindi rin kayo dapat manghikayat ng sinuman upang kumilos nang hindi nararapat. Ang alinman sa mga pagkilos na ito ay isang paglabag na may kaparusahan at maaaring humantong sa pagkakatanggal o maglagay sa Kumpanya sa posibleng paglilitis sa kasong kriminal.

Insider Trading

Sa panahon ng normal na operasyon ng ating trabaho sa Nordson, maaaring mailagay sa ating pangangalaga ang materyal na impormasyong hindi pampubliko tungkol sa ating Kumpanya o ibang kumpanya kung kanino tayo nakikipagnegosyo. Hindi natin dapat gamitin ang impormasyong ito upang magsagawa ng mga pasya tungkol sa pagbili o pagbebenta ng stock para sa pinansyal na pagkamit, na itinuturing na insider trading. Ang impormasyon ay “materyal” kung maituturing ito ng isang makatuwirang investor na mahalaga sa pagpapasya kung bibilhin, ibebenta o iho-hold ang securities ng kumpanya. Ang impormasyon ay “hindi pampubliko” kung hindi ito naihayag sa publiko sa pamamagitan ng pahayag sa press, pagpapahayag ng mga kinita o pag-file ng Form 8-K sa Securities and Exchange Commission. Kasama sa mga halimbawa ng naturang materyal na hindi pampublikong impormasyon ang:

- **Balita ng mga pag-iisa (merger) o pagbili (acquisition)**
- **Mga ulat ng benta at kita kada ikatlong buwan o sa pagtatapos ng taon**
- **Balita ng malaking benta sa mga asset**
- **Hindi inanunsyong stock split**
- **Mga pagbabago sa mas nakatataas na pangasiwaan**
- **Mahahalagang bagong produkto o pagpapaunlad**

Ipinagbabawal din ng mga batas sa insider trading ang "pagbibigay ng tip," o pagbibigay ng materyal na hindi pampublikong impormasyon sa ibang taong ginagamit ang impormasyong ito bilang batayan sa pagbili o pagbebenta ng stock. Upang maiwasan ito, hindi ninyo dapat ihayag ang ganitong uri ng impormasyon – nalalapat man ito sa Nordson o sa iba pang kumpanya – sa sinuman sa labas ng organisasyon ng Nordson, kabilang ang mga kaibigan o kapamilya. Dapat din ninyong iwasan ang pagtalakay ng impormasyong ito sa mga kapwa empleyado maliban kung may pangangailangan sa negosyong gawin ito.

Ang insider trading at pagbibigay ng tip ay parehong paglabag sa ating Kodigo at sa mga batas sa securities ng Estados Unidos. Kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin hinggil sa mga aktibidad ng insider trading o pagbibigay ng tip, makipag-ugnayan sa Law Department para sa patnubay at sumangguni sa P*atakaran Hinggil sa Pakikipagkalakalan sa Mga Karaniwang Share ng Nordson*.

Proteksyon at Pagmamay-ari ng Mga Asset at Impormasyon

Inaasahan tayong magprotekta ng mga asset ng Nordson – kabilang ang mga aktwal na ari-arian, pagmamay-aring impormasyon at intelektwal na ari-arian nito.

Kabilang sa mga aktwal na asset ng Nordson ang ating kagamitan, mga pasilidad, materyal, pondo ng kumpanya, dokumento at ang katulad nito. Dapat nating isaisip na gamitin ang mga asset na ito sa wastong paraan.

Maaaring kasama sa mga "pagmamay-aring impormasyon" ang mga patent, impormasyon ng gastos at pagpepresyo, mga pinansyal na talaan at mga lihim sa pakikipagkalakalan. Gayundin, dapat din nating igalang ang kumpidensyal na ari-arian ng ating mga supplier, kalaban sa negosyo at customer. Mahalaga ang pagsasagawa nito sa ating patuloy na tagumpay at higit na kalamangan sa performance na pinansyal bilang isang pandaigdigang organisasyon.

Ang ating pagmamay-aring impormasyon ay isa sa mga pinakamahalagang asset ng Kumpanya. May responsibilidad ang bawat isa sa ating tiyaking hindi magkakamali sa paghahayag ng kumpidensyal at pagmamay-aring impormasyon.

Sumangguni sa Programa sa Seguridad ng Impormasyon ng Nordson para sa higit pang impormasyon.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Naglalaman ang laptop ko ng malaking bilang ng kumpidensyal na impormasyong pinansyal. Kung iuuwi ko ang laptop ko ngunit may kailangang daanan pagkatapos ng trabaho, ano ang dapat kong gawin sa laptop ko?

S: **Dapat ninyong dalhin ang inyong computer at hindi ito dapat iwan sa inyong kotse kung saan maaari itong manakaw. Dapat nating pangalagaan ang anumang kumpidensyal na impormasyon ng Kumpanya na nasa pangangalaga natin. Mukha man itong hindi praktikal sa kasalukuyang pagkakataon.**

Sumangguni sa *Programa sa Seguridad ng Impormasyon* at *Mga Patakaran sa Information Technology* ng Nordson para sa mga detalye sa seguridad ng laptop at sa iba pang information technology.

T: Nagmungkahi ang isang kakilala mula sa ibang kumpanya ng video sa pagsasanay sa manufacturing, na ayon sa kanya ay lubos na nakatulong sa kanyang team. Gusto ko itong ipanood sa aking team, pero masyado itong mahal, at wala akong budget para rito. Maaari ko bang hiramin ang video niya at gumawa ng kopya?

S: **Hindi. Katulad din ng mga nakasulat na materyal, ang mga materyal na video ay pangkalahatang naka-copyright. Ibig sabihin nito, hindi maaaring kopyahin ang mga ito at hindi rin pinahihintulutan minsan kahit ang panghihiram sa video at pagpapakita nito nang walang paunang pahintulot ng may-ari ng copyright. Kung gusto ninyong ipapanood ang palabas sa inyong team, dapat kayong bumili ng lehitimong kopya ng video.**

Wastong Paggamit ng Mga Asset ng Kumpanya

Sa pangkalahatan, nakalaan para sa mga layuning pangnegosyo ang paggamit natin sa mga asset ng Nordson. Bagama't pinapayagan tayo sa mga limitadong personal na paggamit ng internet at ng iba pang elektronikong pakikipag-ugnayan, hindi dapat ito makasagabal sa ating mga obligasyon sa trabaho.

Hindi natin maaaring gamitin kailanman ang mga ibinigay ng Kumpanya na device sa elektronikong pakikipag-ugnayan, para sa mga layuning hindi nararapat at hindi etikal na maaaring magbunsod ng panliligalig. Kasama rito ang mga computer, laptop, smartphone, cell phone at iba pang katulad na device. Kasama sa mga maling paggamit ng mga device na ito ang pagpapadala ng mga tahasang sekswal o nakakasakit ng damdaming pahayag, panonood ng mga malaswa o nakakainsultong materyal, o paggamit ng mga bastos, nandidiskrimina o nakakapanirang mga komento, o nagbabanta o nang-aabusong pananalita.

Kapag gumagamit ng mga device o tool sa telekomunikasyong ibinigay ng Kumpanya, gaya ng voicemail, hindi ninyo dapat asahang pribado ang impormasyong ipinapadala o tinatanggap mula rito. Bagama't hindi isinasagawa ng Nordson ang patuloy na pagsubaybay sa aktibidad ng empleyado sa mga elektronikong pakikipag-ugnayan, nakalaan sa Nordson ang karapatang gawin ito. Nagbibigay ang ating Patakaran sa Sistema ng Elektronikong Pakikipag-ugnayan (Electronic Communication System ,"ECS") ng patnubay kung paano ang wastong paggamit ng ating mga sistema ng computer at network at iba pang elektronikong kagamitan.

Social Media at Networking

Sa oras ng pagtatrabaho, inaasahang gagamitin lang natin ang mga platform ng social networking sa mga lehitimong layunin sa negosyo nang alinsunod sa Patakaran sa Social Networking. Higit pang mahalaga rito, hindi tayo dapat mag-post ng anumang bagay na maaaring mabigyan ng kahulugan bilang nanliligalig o nandidiskrimina, nagsisiwalat ng anumang kumpidensyal na impormasyong tungkol sa mga gawain sa negosyo ng Nordson o tumutukoy sa sinuman sa ating mga customer, kasosyo sa negosyo o supplier nang walang pahintulot nila.

Ang Corporate Communications Department ang nangangasiwa sa presensya sa mga site ng social networking gaya ng Facebook, Twitter at LinkedIn, at anumang opisyal na pahayag o pag-post ay dapat lamang pamahalaan ng ating team sa Corporate Communications o ng mga itinalaga nito sa mga unit sa negosyo ng Nordson.

Pagkakaroon ng Iisang Boses

Upang maging tumpak at nakaayon ang mga pakikipag-ugnayan tungkol sa Nordson, ang mga itinalagang tagapagsalita lang ang maaaring makipag-ugnayan sa publiko sa ngalan ng Nordson. Anng anumang kahilingan ng media o katanungan mula sa mga investor o securities analyst ay dapat idirekta sa ating Corporate Communications Department.

Higit pa rito, kung inimbitahan kayong magsalita sa ngalan ng Nordson, o hinggil sa anumang aspeto ng ating negosyo, magagawa lamang ninyo ito nang may paunang pahintulot ng inyong manager. Huwag kailanmang tangkaing magsalita sa publiko nang tungkol sa Nordson kung hindi kayo awtoridaso o sinanay na gawin ito.

Idinisenyo ang Patakaran sa Mga Pampublikong Pakikipag-ugnayan ng Nordson upang tulungan tayong iwasan ang mabigat na pananagutan para sa Nordson, sa mga subsidiary nito at sa ating sarili, at upang maiwasan ang pagkasira ng pangalan ng ating brand at ng ating reputasyon.

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Tumawag ang isang reporter upang humingi ng komentong may kaugnayan sa aking trabaho. Alam ko ang sagot sa tanong niya. Maaari ko bang sabihin sa kanya ang gusto niyang malaman?

S: **Hindi. Hindi kayo dapat sumagot ng anumang tanong mula sa mga reporter maliban na lang kung binigyan kayo ng pahintulot ng kumpanya. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa inyong itutugon, dapat kayong makipag-ugnayan sa Corporate Communications Department.**

Ang Ating Mga Komunidad

Mga Kontribusyong Pampulitika at Pangkawanggawa

Hinihikayat tayong maging mga aktibong mamamayan sa ating mga komunidad. Gayunpaman, mahalagang hindi natin kailanman katawanin ang Nordson sa anumang kaganapang pampulitika, sibiko o pangkawanggawa nang walang paunang pahintulot ng ating supervisor o manager. Maliban na lang kung Nordson ang isponsor ng kaganapan, dapat isagawa ang paglahok sa mga ganitong uri ng mga aktibidad sa sarili nating oras at sa sarili nating gastos, at hindi ito dapat makasagabal sa ating mga tungkulin sa trabaho.

Pagprotekta sa Kapaligiran

Naniniwala tayong dapat nating igalang ang kapaligiran saanman tayo nagnenegosyo. Nangangahulugan ito ng pagpapatakbo ng ating negosyo sa paraang responsable sa kapaligiran, paggamit sa enerhiya sa makatuwirang paraan at pagsunod sa mga naaangkop na batas, regulasyon at kinakailangang permit. Kung kaugnay ng inyong trabaho ang pagpapasya tungkol sa pagsunod na pangkapaligiran, napakahalagang pamilyar kayo sa iba't ibang kumplikadong batas at regulasyon na nakaaapekto sa mga gawain ng inyong trabaho. Kung hindi kayo nakatitiyak tungkol sa isang partikular na prosesong nauugnay sa inyong mga tungkuling pangkapaligiran, dapat kayong sumangguni sa ating *Patakaran sa Kaligtasan, Kalusugan at Kapaligiran.*

SA SEKSYONG ITO

Mga Kontribusyong Pampulitika at Pangkawanggawa

Pagprotekta sa Kapaligiran

Pagsasabuhay sa Kodigo

T: Habang hawak ko ang mga liquid na materyal ng customer sa isang demonstrasyon sa laboratoryo, aksidenteng may tumapong materyal sa sahig ng laboratoryo. Ano ang dapat kong gawin?

S: **Dapat ninyong iulat ang insidente sa inyong supervisor o manager sa lalong madaling panahon at sumangguni kaagad sa papel ng mga datos sa kaligtasan ng materyal para sa tumapong materyal upang malaman ang mga wastong hakbang sa paglilinis nito. Hindi ninyo dapat ipagpalagay na may ibang taong mag-aasikaso nito o na masyadong maliit na bagay ang aksidente upang magdulot ng alalahanin. Maaaring magdulot ng malubhang panganib ang pagkatapon, kaya napakahalagang iulat ito kaagad.**

Index ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

EXTERNAL NA HELPLINE

Navex Global

Confidential. Available 24 hours a day, seven days a week.
United States: 1.888.391.3196
Other Countries: www.nordson.ethicspoint.com
Web-Based Reporting: www.nordson.ethicspoint.com

ETHICS AT COMPLIANCE OFFICER

Gina Beredo

Executive Vice President, General Counsel at Secretary
Ethics at Compliance Officer
440.414.5499
Gina.Beredo@nordson.com

CORPORATE COMMUNICATIONS AT INVESTOR RELATIONS

Lara Mahoney

Vice President, Investor Relations at Corporate Communications
440.414.5639
Lara.Mahoney@nordson.com

GLOBAL TRADE COMPLIANCE GROUP

John Dillon

Vice President, Supply Chain Management
440.985.4275
John.Dillon@nordson.com

Mary White

Mga Tanong sa Pagluwas
Global Trade Compliance Manager
440.985.4509
Mary.White@nordson.com

Bachlien Scanlan

Mga Tanong sa Pagluwas
Customs at Trade Compliance Specialist
440.985.4542
Bachlien.Scanlan@nordson.com

Donna Ryan

Mga Tanong sa Pag-import
Trade Compliance Specialist
440.985.4512
Donna.Ryan@nordson.com

Barbara Kantola

Product Compliance Manager, Pangkapaligiran,
Pangkalusugan at Pangkaligtasan
440.985.4203
Barbara.Kantola@nordson.com

LAW DEPARTMENT

Gina Beredo

Executive Vice President, General Counsel at Secretary
440.414.5499
Gina.Beredo@nordson.com

Susan Warner

Senior Corporate Counsel
440.414.5232
Susan.Warner@nordson.com

Ed Wasp

Senior Counsel, Intelektwal na Ari-arian
440.414.5411
Edmund.Wasp@nordson.com

Ray Slattery

Senior Counsel, Intelektwal na Ari-arian
440.414.5632
Raymond.Slattery@nordson.com

HUMAN RESOURCES

Makipag-ugnayan sa inyong lokal na kinatawan.

Form ng Pagtanggap

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, kinikilala kong nabigyan ako ng aking kopya ng Kodigo ng Etika at Asal sa Negosyo (“Kodigo”) ng Nordson. Nauunawaan kong may responsibilidad ang bawat empleyado, direktor, ahente, consultant at nakakontratang empleyado na alamin at sundin ang mga prinsipyo at pamantayan ng Kodigong ito.

Higit pa rito, tinatanggap at sinasang-ayunan kong nilalayon ng Kodigong itong magbigay ng pangkalahatang-ideya ng mga patakaran ng Kumpanya, at hindi nito palaging kinakatawan ang lahat ng naturang patakaran at gawaing ipinatutupad sa anumang partikular na panahon. Nauunawaan ko ang aking mga responsibilidad alinsunod sa mga alituntunin, kung saan kasama rito ang aking obligasyong magparating ng mga alalahanin, mag-ulat sa kumpanya ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa mga alituntunin at makipagtulungan sa mga pagsisiyasat kung hihilingin ito sa akin.

Panghuli, nauunawaan kong ang pagsuway sa Kodigong ito ay maaaring magresulta sa kaparusahan, hanggang sa at kabilang ang pagkakatanggal.

PANGALAN (PAKI-PRINT)

PETSA

LAGDA

Mga Hindi Pagpapairal ng Ating Kodigo

Nalalapat ang Kodigo ng Asal na ito sa lahat ng direktor, opisyal at empleyado ng Nordson. Sa hindi pangkaraniwang sitwasyon kung saan dapat isantabi ang probisyon sa Kodigong ito, maisasagawa lang ito sa pamamagitan ng mga partikular na pamamaraan. Ang anumang hindi pagpapairal ng Kodigo para sa mga miyembro ng lupon ng mga direktor o executive officer ay dapat aprubahan ng lupon ng mga direktor. Ang lahat ng iba pang hindi pagpapairal ay dapat mayroong nakasulat na pag-apruba ng General Counsel. Kung pahihintulutan ang naturang hindi pagpapairal, kaagad itong ihahayag ng Nordson alinsunod sa iniaatas ng batas o mga regulasyon sa mga seguridad.

Pakilagdaan ang Form sa Pagtanggap sa nakaraang page at ibalik sa Human Resources ng Nordson.

TAYO ANG NORDSON

Nordson



External na Helpline - Navex Global

Kumpidensyal. Available 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo.

Estados Unidos:
1.888.391.3196

Iba Pang Bansa:
www.nordson.ethicspoint.com

Web-Based na pag-uulat:
www.nordson.ethicspoint.com

Nordson